# Pagbigay ng Pagpapatunay ng Paninirahan

**Release Date: Mar 23, 2021**

Ang mga nakaligtas sa matinding bagyong taglamig sa Texas na nag-apply ng tulong sa gobyerno ay kailangang magpakita ng patunay na sila ay nanirahan sa nasalantang pangunahing pamamahay bago nangyari ang bagyo. Kapag sila ay nakapagbigay ng patunay, sila ay maaaring makakuha ng tulong sa FEMA, tulad ng Housing Assitance at ang ibang Other Need Assistance, kasama na ang tulong sa mga pansariling ari-arian at pagtulong sa paglipat at tulong sa pagtatago ng mga ari-arian.

Lahat ng mga miyembro ng sambahayan noong panahon ng bagyo ay maituturing na mga nakatira. Susuriin ng FEMA ang paninirahan ng aplikante kapag sila ay nagparehistro para sa tulong o kapag ang aplikante ay nagbigay ng mga sumusuportang dokumento sa pagproseso. Ito ay nalalapat sa mga may-ari o umuupa ng ari-arian na napinsala dahil sa bagyo.

Kung ang FEMA ay hindi nakapagkumpirma ng paninirahan ng aplikante, ang FEMA ay maaaring humingi ng isa sa mga sumusunod na dokumento. Ang FEMA ay maaari rin na humingi ng karagdagang dokumento kung ang pangalan sa mga resibo ng mga bayaring pantahanan ay hindi tugma sa pangunahing naninirahan sa nasirang bahay. Ang mga dokumento na patunay ng paninirahan ay ang mga sumusunod:

- Mga resibo ng mga bayaring pantahanan na pinetsahan sa loob ng tatlong buwan bago nangyari ang bagyo:
  - Mga bayarin sa kuryente, gas, langis, basura, tubig/dumi na nagpapakita ng pangalan ng aplikante o ng kapwa-aplikante at ang numero ng napinsalang tirahan.
- Ang pahayag ng isang manlalako na pinetsahan sa loob ng tatlong buwan bago nangyari ang bagyo:
  - Pahayag ng bangko o credit card, resibo ng telepono, kable/satellite, atbp. na nagpapakita ng pangalan ng applikante o ng kapwa-aplikante at ang numero ng napinsalang tirahan.

- Ang pahayag ng amo, na kinakailangan na pinetsahan sa loob ng tatlong buwan bago nangyari ang bagyo:
  - Resibo ng suweldo at mga katulad na dokumento na nagpapakita ng pangalan ng applikante o ng kapwa-aplikante at ang numero ng napinsalang tirahan.
- Kasunduan ng paupahan o pag-arkila noong nangyari ang bagyo:
  - Kopya ng kasulatan ng pag-upa, pag-arkila ng tahanan o isang nakasulat na pahayag ng may-ari na kasama ang pangalan ng aplikante o ng kapwa-aplikante, ang impormasyon tungkol sa may-ari, at ang mga nakatakdang kasunduan ng paninirahan, kasama na ang lugar ng nasirang bahay, ang halaga ng upa at ang katapusan ng pagpapa-upa. Ito ay para ikumpirma na ang aplikante ay nanirahan sa bahay noong nangyari ang bagyo. Ang may-ari at ang aplikante o kapwa-aplikante ay kailan na pumirpma sa dokumento.
- Resibo ng pag-upa na pinetsahan sa loob ng tatlong buwan bago nangyari ang bagyo:
  - Kopya ng resibo ng pag-upa o pahayag ng bangko, kasama na ang kanseladong tseke, na nagpapakita ng pangalan ng aplikante o ng kapwa-aplikante, ang impormasyon tungkol sa may-ari, ang numero ng tirahan ng nasirang bahay, ang halaga ng upa, at ang pirma ng may-ari.
- Opisyal na pangkahalatang pahayag na pinetsahan sa loob ng 18-buwan ng pagtulong:
  - Isang kasulatan na pahayag galing sa isang pinuno (pulis, pinuno ng pulis, meyor, pinuno ng kartero, atbp.) na kasama ang pangalan ng aplikante o ng kapwa aplikante, numero ng tirahan, katagalan ng paninirahan, at ang pangalan at impormasyon ng pinuno.
- Lisensya ng pagmamaneho, ID na ibinigay ng estado o botante na ID na nagpapakita ng pangalan ng aplikante o ng kapwa-aplikante at ang numero ng tirahan ng nasirang bahay. Ang mga dokumentong ito ay dapat sa kasalukuyan ng nangyaring bagyo.

**Para sa iba pang impormasyon tungkol sa bagyo:**

- Para sa iba pang impormasyon tungkol sa matinding bagyong panlamig, bisitahin ang fema.gov/disaster/4586. Sundan ang FEMA Region 6 Twitter account sa twitter.com/FEMARegion6.
- Sa mga tao na hind Ingles ang wika, hanapin ang pagsasalin nitong dokumento sa ibang wika sa mga sumusunod na links FEMA.gov: Arabic | Chinese | English | Hindi | Korean | Spanish | Tagalog | Urdu | Vietnamese.